

**Ika-116 Anibersaryo ng Proklamasyon ng  
Iglesia Filipina Independiente  
August 3, 1902 – August 3, 2018**



# ***“Tungo sa Matapat na Pagsaksi, Pinag-alab ng Banal na Espiritu”***

(Acts 2: 3-4, 40-47)

## **PARA-LITURHIYA**

### ***Mga Paalaala at mga Paghahanda bago gawin itong para-liturhiya***

- Ang Para-liturhiyang ito ay maaring gamitin sa mga pagtitipon sa *forums/ dialogues/ and other NON-EUCHARISTIC GATHERINGS*.
- Ihanda ang tatlong malalaking kandila na sinisimbolo ang Banal na Santatlo at ito ay sisindihan sa mga piling bahagi na itinakda dito sa Kaayusan ng Pagsamba.
- Ihanda rin ang isang malaking palayok o anumang pwede paglagyan ng uling o kahoy na sisindihan ng tagapagdiwang pagkatapos ng prosesyonal.
- Ang Tagapanguna ay maaaring magsuot ng camisa de tsino na parang isang katipunero. Ang pangulo din ang magsisindi ng tatlong kandila.
- Ang mga tao nga gaganap sa mga tinig ay maaaring magsuot ng angkop na kasuotan batay sa sektor.
- PULA ang kulay ng pagsamba.

### **Pagpapatunog sa Gong/Maliit na Kampana (*3 beses*)**

### **Tawag sa Pagsamba (*Habang nakaupo ang mga tao.*)**

**Tagapanguna:** Sa gitna ng kadiliman na nahaharap sa ating bansa, may mga tinig na tumatawag at pinupukaw ang ating diwa sa mga tunay na pangyayari sa ating lipunan ngayon. At pakinggan natin ang mga ito...

**Tinig 1:** Ako ay isang Lumad. Ang mga malalaking kumpanya ng mina ay lupang pamana ng aming mga ninuno. Kami ay patuloy na tinatakot. Pinatay nila ang aking mga kaanak. Hanggang ngayon, hindi pa nakakapagbukas ng klase ang aming mga paaralan dahil hindi pa binibigyan ng lisensya ng gobyerno. Inaasam namin ang pag-unlad ngunit hindi sa pamamagitan ng pagsira sa aming lupang minana at paglaho ng aming kultura at tradisyon.

**Tinig 2:** Ako ay anak ng isang magsasaka. Nakita ko ang paghihirap at pagsisikap ng aking mga magulang. Ngunit wala halos kaming makain sa araw-araw. Ang lupang aming sinasaka ay hindi namin pag-aari. Kami ay umaasa na umunlad ngunit hindi ang paraan na kami ay paaalisin sa sakahan...

**Tinig 3:** Ako ay isang drayber ng jeep at may 3 anak. Ang aking maliit na kita, ay pinagkakasya ko para sa aking mga anak, ginugugol ko sa pang-araw-araw na pangangailangan ng aking pamilya at upang bigyan ang aking mga anak ng baon para sa kanilang pag-aaral. Ngunit sa kita ko na anim na daan, kukunan ko pa ng pang-boundary, bibilhan ng bigas, ulam at iba pa, wala nang natira upang ibigay na baon para sa aking mga anak. Ang pagtaas ng presyo ng bilihin ay hindi napigilan. Ito ba ang sinasabing pagbabago? Ito ba ang epekto ng TRAIN LAW?

**Tagapanguna:** O Diyos na Lumikha ng Liwanag, binigyan mo ng Iyong Walang Katapusang Liwanag ang Simbahang Malaya upang aming makita ang tunay na kalagayan ng bansa.

**Bayan:** Dakila ka, O Diyos ng Liwanag! Liwanagan mo nawa ang aming mga mata at puso. Gawin mo kaming mga tapat at mapagkakatiwalaang mga tagapangasiwa ng sangnilikha at tagapaglingkod sa aming kapwa.

*(Sisindihan ang Unang Kandila)*

**Tinig4:** Ako ay isang nurse. Saksi ako sa buhay ng mga tao, sa simula at wakas. Masakit pakinggan at isipin na marami ang namamatay dahil walang perang panustos para sa pagpapagamot. Inaasahan kong bigyang-pansin ang mabuting kalusugan at dumating nawa ang araw na walang namatay dahil walang pambayad.

**Tinig5:** Ako ay isang contractual worker. Ang aking sweldo ay napakababa ngunit mabigat at nakakapagod ang aking trabaho sa araw-araw. Isang kahig, isang tuka. Iyan ang aming buhay bilang isang pamilya. Inaasahan kong tumaas ang aming sweldo at mabigyan kami ng karagdagang benepisyo at mahinto na sana ang kontraktwalisasyon.

**Tinig6:** Ako ay isang estudyante na sumailalim sa K+12 program. Napagtanto nilang kami ay handa na magtrabaho pero karamihan sa amin ay hindi naman talaga. Ang aking pangarap na makapagtapos ng pag-aaralan ay malayo na sa katotohanan dahil nadagdagan ng dalawang taon at ang aking mga magulang ay nahirapan sa pagbigay ng aking pangangailangan para lamang ako matatapos sa senior high school.

**Tagapanguna:** O Hesus, Liwanag ng Sanlibutan, namuhay, nakikisama ka at naranasan mo ang paghihirap ng tao. Tinawag mo kami, na tulad Mo, ay aming maibabahagi ang Mabuting Balita ng kalayaan at kaligtasan para sa lahat lalo na sa mga api at hikahos.

**Bayan:** Dakia Ka, O Hesus aming Liwanag! Himukin mo kami na makiia sa mga naghihirap at nalugmok sa tanikala ng sistemang mapang-api. Nawa kami ay gawin mong Iyong kamay at paa dito sa lipunan na puno ng dilim ng kasakiman at pansariling interes.

*(Sisindihan ang Ikalawang Kandila)*

**Tinig7:** Ako ay isang Overseas Filipino Worker. Dahil sa kakulangan ng trabaho sa ating bansa, nakipagsapalaran ako; nagpaalipin at nagtrabaho sa ibang bansa. Ito ay nagawa ko upang mabigyan disente at kasiya-siyang buhay sa aking pamilya. Umaasa ako na darating ang araw na may sapat na trabaho sa Pilipinas upang walang nang mga anak ang malayo sa mga magulang, at wala nang magulang na mahihawalay sa asawa at mga anak.

**Tinig8:** Ako ay isang ina. Ang aking anak ay napagkamalang adik at nagbebenta ng bawal na gamot. Di mawari ang aking kalungkotan sapagkat ang aking anak ay mabait at kung may ginawa man siyang mali, ay hindi ito sapat upang wakasan ang kanyang buhay. Pinatay nila ang aking anak. Umaasa ako na wakasan na ang walang habas na pagkitil sa buhay mga mahihirap at ang kultura ng pagpatay na kasalukuyang nangyayari sa ating lipunan ngayon. Nasaan ba ang hustisya? Nasaan na ang ating mga karapatang pantao? Ang pagpatay ba sa mga mahihirap ang solusyon upang magwakas ang kahirapan? Ito ba ang pagbabagong dala ng rehimeng ito?

**Tinig9:** Ako ay isang alagad sa simbahan. Nakita ko ang hirap na tinatamasa ng mga tao na aking pinagsisilbihan. Narinig ko ang kanilang mga hinaing. Narinig ko ang kanilang mga kalungkutan at pighati. Magpapakabulag, pipi at bingi na lang ba ako sa lahat ng aking nasaksihan? Ang Ebanghelyo ni Kristo na aking binabahagi tuwing Dominggo ay nagpapatungkol sa kalayaan at kaligtasan, hindi lamang para sa iilan, kundi para sa lahat. Tatalikod ba ako sa aking gawain? Dahil sa aking pansariling interes at upang maligtas ako mula sa pananakot at kamatayan.

**Lahat:** Purihin Ka, O Banal na Espiritu, nagpapalakas at nagpapatibay sa aming pagsasama-sama at pagkilos para sa ikabubuti ng iyong bayan. Maging matapat nawa kami sa pagsaksi, habang kami ay patuloy kaming nakikibahagi sa pakikibaka kasama ng mga inaapi, pinagsasamantalahan at pinagkaitan. Ipagkaloob mo na ang aming isipan, pahayag, at gawain ay makapagdulot ng kaluwalhatian sa iyo habang niluluwalhati ka namin.

**Tagapanguna:** O Banal na Espiritu, apoy na pinuspos ang mga tagasunod ni Kristo, ikaw ay kumikilos simula pa noong ang mundo ay nilikha, pagtibayin at palakasin mo ang mga tao na kumilos at tumugon sa panawagan upang magpatunay at makibaka para sa lahat.

**Bayan:** Dakila Ka, O Banal na Espiritu, nagpapalakas at naghihikayat sa aming pakikisama at pagkilos para sa kapakinabangan ng lahat. Tutogon kami sa tawag na maging tapat na tagapagpatunay. Habang patuloy kaming nakikibaka para sa mga inaapi at pinabayaan, bigyan mo kami ng kalakasan, ang aming isip, sa aming paggawa at sa aming pananalita upang ikaw ay laging sambahin at luwalhatiin.

*(Sisindihan ang Ikatlong Kandila)*

**“Ang Tulong N’yo Diyos” MAP#66 (Samuel Galutera)**

*Ang tulong n’yo Diyos ang s’yang laging hiling  
ng aming bayang paglaya’y mithiin  
Mananampalataya’y patatagin  
Nang kasaganaan ay kamtin namin*

*1. Ginhawa na hangarin ng buong madla  
May katuparan ng inyong patnubay  
Bagong langit, bagong lupa ay sisilay,  
Bagong awit sa ‘yo’y iaalay*

*2. Kasarinla’t paglaya ng mamamayan,  
Noon hanggang ngayo’y ipaglalaban  
Ang sistema’t istrukturang sumsagka,*

*Buwagin ng katarunga'y kamtin na.*

**Tagapanguna:** Kapuri-puri Ka, O Banal na Diyos, Amang Manlilikha, Anak na Tagapagligtas at Espiritung Tagapagpanatili.

**Bayan:** Ngayon at magpasawalang-hanggan, tapat ang Iyong Pag-ibig at Kapangyarihan, O Diyos ng Kasaysayan at ng aming mga Ninuno.

**Tagapanguna:** Ang Kapayapaan ug Pag-ibig ng Diyos na si HesuKristo, at ang pagkakaisa ng Banal na Espiritu ay sumainyo.

**Bayan:** At sumainyo rin.

**Tagapanguna:** Manalangin tayo.

Makapangyarihan at Walang Hanggang Diyos, linisin mo ang aming mga puso upang kami ay maging tapat na lingkod ni HesuKristo sa panahon na puno ng kadiliman. Bigyan mo kami ng lakas, sa pamamagitan ng Iyong Banal na Espiritu upang kami ay maging tapat na tagapagpatunay. Samahan mo kami, O Diyos sa aming pakikipagtunggali laban sa kadiliman at nawa'y gawin mo kaming tagpagpamahagi ng iyong kapayapaan, pag-ibig at katarungan.

**Bayan:** Amen.

**Tagapanguna:** Halina, Espiritu Santo at bagohin mo ang mukha sa sanlibutan!

**Bayan:** Halina, Espiritu Santo at paalabin mo ang aming mga pananampalataya upang kami ay sumigla at maging tapat na magpatotoo sa iyong mga tao at sa lipunan.

*(Ang Tagapanguna ay magsisindi ng apoy simbolismo ng Banal na Espiritu. Habang nagsisindi ng apoy aawitin ang "O Espiritu Santo".)*

***"O Espiritu Santo" MAP#111 (Narcisa Fernandez)***

*O Espiritu sa paghigugma, ihatag kanamo ang maong gasa  
Ug pun-a ang among kasingkasing pagainita sa imong gugma.*

***Umari ka, O Espiritu Santo, kalipay, paglaum namo  
Kalig-on sa among kalag sa kangitngit ikaw ang kahayag.***



*O Espiritu sa kahayag, ihatag kanamo ang maong gasa  
Lamdagi ang among pagalaktan, pagaiwagi ang among dalan.*

*O Espiritu sa kalig-on, ihatag kanamo ang maong gasa  
Lig-ona ang among kasingkasing, ug sa kanunay pagadasiga.*

*O Espiritu sa kalinaw, ihatag kanamo ang maong gasa  
Lamdagi ang among salabutan, ikaw ang diwa sa kinaadman.*

*O Espiritu sa kalinaw, ihatag kanamo ang maong gasa  
Linawa ang among pangisipan, ikaw larawan sa kagawasan.*

**Awit ng Pangungumpisal**

**“Masdan Mo ang ‘Yong Mundo” MAP#106**  
*(Rodolfo Vera)*

***Kyrie Eleison, Kyrie! Kyrie Eleison, Kyrie!  
Christe Eleison, Christe! Kyrie Eleison, Kyrie!***

*Masdan mo ang 'Yong mundo pinaghaharian ng mga tao.  
Ang dangal Mo ay naglalaho, nagugunaw na'ng lahat ng likha Mo.*

*Ang bayan ko, pinaghaharian ng mga tirano  
At maliit at mahihina ay sukdang dugo ang iniluluha.*

*Ang kapwa ko, ang Iyong mga anak nanalugso  
At pinaslang ay humihingi ng 'Yong katarungan.*

## **Absolution**

**Tagapanguna:** Ang Diyos ng Walang Hanggang Pag-ibig, nawa ay patawarin tayo sa ating mga kasalanan at linisin tayo sa pamamagitan ng Espiritu Santo upang tayo ay maging karapat-dapat para sa patuloy na paglilingkod sa kapwa. Amen.

**Ang mga Pagbasa** *(uupo ang lahat)*

**Ang Pagbasa** *Gawa ng mga Apostoles 2:3-4, 40-47*

*(Dito isusunod ang nakatakdang gawain – pag-aaral/forum/dialogue)  
Tatayo ang lahat*

**Awit Tugon: "ANG ESPIRITU NG PANGINOON"**  
**batay sa Lukas 4: 18, 19 (Teofilo V. Vinteres, CSsR)**

*Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon; Ako'y hinirang N'ya upang tumugon sa daing ng mga aba at ihatid sa mga dukha ang Magandang Balita ng Kaligtasan.*

- 1. Sinugo Ako upang ipahayag ang kalayaan sa mga bihag, bigyang paningin ang mga bulag, dalhin ang nasa dilim sa liwanag.*
- 2. Ang inaapi at sinisiil ay hahanguin sa mga hilahil, ipapahayag ang pagsapit ngayon ng tanging pagliligtas ng Panginoon.*

### **Mga Panalangin**

**Tagapanguna:** Sa gitna ng kadiliman, pagkalito at takot, manalangin tayo,  
**"PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"**

**Tagapanguna:** Liwanagan mo ng Iyong walang hanggang ilaw ang Iyong Simbahan, Iglesia Filipina Independiente, na kanyang mapatunayan ang kanyang misyon at buhay bilang simbahang malaya na patuloy na sinisigaw ang katarungan at kalayaan.

**BAYAN:** **"PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"**

**Tagapanguna:** Ipinapanalangin namin ang Iyong mga kaparian, diakono at mga Obispo, lalo na kay Rhee na aming Obispo Maximo, puspusin mo sila lagi ng Iyong panalangin na patuloy nilang patnubayan ang buong Iglesia Filipina Independiente at nang maipagpatuloy nila ang paglilingkod sa Iyo at sa aming kapwa.

**BAYAN:** **"PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"**

**Tagapanguna:** Nawa'y bigyan mo ng maka-Diyos na karunungan ang mga pinuno ng aming minamahal na Pilinas upang ito'y umunlad at lumaya sa dayuhang interes. Gabayan mo sila upang kanilang isipin ang ikabubuti ng nakararami. Maihatid sana nila ang katotohanan at katarungan sa mga api.



**BAYAN:** "PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"

**Tagapanguna:** Nananalangin kami, O Diyos na inyong pagpalain ang mga magsasaka at mga mangingisda at bigyan mo po sila ng karagdagang lakas na ipagpatuloy ang kanilang gawain at ng maging masagana ang kanila ani. Nawa sa pamamagitan ng mga bunga ng kanilang gawa ay masiyahan sila at magdulot ito ng kaginhawaan sa gutom na kanilang tinatamasa.

**BAYAN:** "PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"

**Tagapanguna:** O Diyos ng aming mga ninuno, palakasin mo ang mga Lumad at mga Moro sa kanilang paninindigan at sa kanila pagsasarili. Gabayan mo sila lagi sa kanila pakikibaka para lupang pamana.

**BAYAN:** "PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"

**Tagapanguna:** Dios ng Pag-ibig, pangalagaan mo ang mga babae, mga kabataan at mga myembro ng LGBTQI +++ community buhat sa diskriminasyon at mga abuso. Himokin mo sila sa pamamagitan ng Iyong lubos at walang pinagpipiliang pag-ibig.

**BAYAN:** "PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"

**Tagapanguna:** Diyos ng Kapayapaan, liwanagan mo ang Government of the Republic of the Philippines at ang National Democratic Front of the Philippines upang kanilang maipagpatuloy ang pormal na usapang pangkapayapaan. Nananalangin din kami palayain nawa ng gobyerno ang mga political prisoners na nagdurusa sa loob ng piitan dahil lamang sa kanilang mapagpalayang diwa.

**BAYAN:** "PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"

**Tagapanguna:** Pinapanalangin namin ang mga kasalukuyang namumuhay sa kaguloan, kalungkotan, lalo na sa mga inaapi, mga biktima ng

kawalan ng katarungan at ang sa taong iniinda ang iba't-ibang karamdaman.

**BAYAN:** "PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"

**Tagapanguna:** O Diyos, pagtibayin mo ang hanay ng mga manggagaw na kahit sa maliit na sahod ay nagdurusa upang mabigyan ng pagkain at pangunahing pangangailangan ang kanila mga pamilya.

**BAYAN:** "PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"

**Tagapanguna:** Inaalala namin, O Diyos ang mga unang myembro ng Simbahan na naitatag para sa lahat, ang mga kasapi ng Union Obrera Democratica. Nananalangin kami na patuloy mong gabayan ang mga unyon sa buong kapuloan upang sila ay maging totoo sa kanilang pakikibaka para sa ikabubuti ng lahat ng mga manggagawa.

**BAYAN:** "PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"

**Tagapanguna:** Ipinagkakatiwala namin ang iyong mga alagad na namatay sa pakikibaka upang maitayo ang bansang Pilipinas at sa mga martir na nag-alay ng kanilang dugo upang maitatag ang Iglesia Filipina Independiente.

**BAYAN:** "PANGINOON, HIMUKIN MO KAMI SA AMING PAGSAKSI AT PAGLILINGKOD!"

**Tagapanguna:** Sa lahat ng mga Banal, lalo na kay Maria, ang Birhen ng Balintawak, nawa ay tularan namin ang kanilang mga mabuting gawa, at maging ganap tulad nila sa aming pagtitiwala at pagtugon sa hamon ng pagpapatotoo at paglilingkod sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

**Lahat:** SA IYO, O PANGINOON NAMING DIYOS!

**Tagapanguna:** Ang pagpapala ng Diyos ay mapasa-atin, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na nagpaalab ng ating mga pananampalataya upang tayo ay mahimok at patuloy na maging saksi sa katotohanan, katarungan at kapayapaan; maging matapat nawa

tayo sa ating paglilingkod lalo na sa panahon na ang mga tagapaglingkod ay dumaranas ng karahasan. Magpatuloy nawa tayo sa pagkilos para sa ibandila ang kapayapaan ng Diyos. Amen. Amen. Amen.

**Tagapanguna:** Ang Panginoon ay sumainyo.

**Bayan:** at sumainyo rin.

**Tagapanguna:** Humayo kayo upang ang Panginoon ay mahalín at paglingkuran.

**Bayan:** Salamat sa Diyos.

### **Singing of the National Anthem "Lupang Hinirang"**

#### **Closing Song "Mabuhay Ka, Iglesia Filipina" (Fr. Mario Quince)**

*Sa pawis, luha at dugo, ay isinilang ka simbahan ko  
Dumanas ka ng hirap, habang iyong tinatahak  
Ang landas tungo sa tagumpay*

*Sa bawat taong nagdaan, ay nanatili sa diwa mo  
Ang tanging adhikain na hindi nagbabago  
Ang 'Para sa Diyos at Bayan'*

#### **Koro:**

*Mabuhay ka! Iglesia Filipina!  
Mabuhay ka simbahan ng mga dukha  
Ang pangalan mo'y itataas ko, At iwawagayway ko ang bandila mo*

---

#### **Creative Liturgy Writer:**

**Klein F. Emperado**

Parish of St. Anthony of Padua

Diocese of Negros Oriental & Siquijor